2

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikalawang Markahan – Modyul 1: Batang Magiliwin at Palakaibigan




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 1: Batang Magiliwin at Palakaibigan**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Imelda D. Abis |
| **Patnugot:** | Nelson L. Oliva, Mary Ann C. Ligsay |
| **Tagasuri:** | Jose C. Tala, Feligena F. Bugay, Ariel C. Lansang |
| | Rosalinda S. Ibarra, Joselita B. Gulapa |
| **Tagaguhit:** | Neil Bryan Bucsit, Gamaliel R. Paz Jr., Imelda D. Abis |
| **Tagalapat:** | Sweet Hazel E. Dordines, Emmanuel S. Gimena Jr. |
| **Tagapamahala:** | Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Joselita B. Gulapa, |
| | Ma. Editha R. Caparas, Nestor P. Nuesca, Ariel C. Lansang, |
| | Feligena F. Bugay, Jose C. Tala |

**Inilimbag sa Pilipinas ng ______________________________**

**Kagawaran ng Edukasyon – Region III**

Office Address: Matalino St., Diosdado Macapagal Government Center,
Maimpis, City of San Fernando
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

2

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikalawang Markahan – Modyul 1: Batang Magiliwin at Palakaibigan

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

# Alamin

Ang modyul na ito ay isinulat at idinisenyo upang tulungan kang makatukoy at makapagpakita ng wasto at kanais-nais na kilos at gawi sa araw-araw mong pakikisalamuha sa kapuwa.

Matapos ang araling ito, ikaw ay inaasahang nakapagpapakita ng pagkamagiliwin at pagkapalakaibigan na may pagtitiwala sa mga sumusunod: (EsP2P-IIa-b-6)

- kapitbahay
- kamag-anak
- kamag-aral
- panauhin/bisita
- bagong kakilala
- taga-ibang lugar

## Subukin

**Panuto:** Lagyan ng tsek ☑ ang loob ng kahon kung ang gawain ay nagpapakita ng pagkamagiliwin at pagkapalakaibigan na may pagtitiwala at ekis ☒ kung hindi. Gawin ito sa sagutang papel.

☐ 1. Itinatambak ang basura sa bakuran ng kapitbahay.

☐ 2. Nagbibigay ng tulong sa mga pamilyang nawalan ng tirahan at ari-arian dahil sa sunog.

☐ 3. Binabati ang kasalubong na guro at kamag-aral.

☐ 4. Dinadalaw ang kaibigang maysakit at kinukuwentuhan ng masasayang karanasan sa paaralan.

☐ 5. Iniaasa lamang kay nanay ang pag-aasikaso ng mga bisita.

# Aralin 1 Batang Magiliwin at Palakaibigan

Ang pagkamagiliwin at pagkapalakaibigan sa ating kapitbahay, kamag-anak, kamag-aral, bisita, kakilala at maging sa hindi kakilala ay isang kapuri-puring pag-uugali. Sa ating mga kilos at pananalita ay maipadadama natin sa kanila ang ating pagmamahal, pag-unawa at pagtitiwala nang may buong pag-iingat.

## *Balikan*

Natutuhan mo sa nakalipas na aralin ang tamang pagsunod sa mga tuntunin na itinakda sa loob ng tahanan. Ang taos-pusong pagsunod sa mga tuntunin ay nagpapakita ng pagkakabuklod at pagkakaisa ng pamilya, at ng pagkakaroon ng disiplina ng bawat isa. Ito ay kasiya-siyang ugali na dapat panatilihin.

**Panuto:** Suriin ang bawat sitwasyon. Isulat ang **Tama** sa iyong sagutang papel kung ito ay nagpapakita ng pagsunod sa mga tuntuning itinakda sa loob ng tahanan at **Mali** kung hindi.

_______1. Ginagamit ang mga bagay na pag-aari ng kapatid kahit na ito ay hindi mo pa naipagpapaalam.

_______2. Inaayos ang pinaghigaan pagkagising sa umaga.

_______3. Hindi nakakakain sa tamang oras dahil sa sobrang pagkaaliw sa paggamit ng *cell phone.*

_______4. Ginagawa nang kusa ang mga gawaing bahay.

_______5. Pinagsasama-sama sa iisang lalagyan ang mga malilinis at nagamit nang mga damit.

## *Tuklasin*

**Panuto:** Basahin ang kuwento sa ibaba at alamin ang mabuting pakikitungo na ipinakita ng bata sa mga kakilala nito.

### Kaibigan ng Lahat

ni Imelda D. Abis

Tuwing umaga ay nakaugalian na ng mag-inang Cora at Hanna ang maglakad papasok sa paaralan. "Magandang umaga po, Tiya Liway," nakangiting bati ni Hanna sa nagwawalis niyang tiyahin. "Magandang umaga rin sa inyo," sagot nito. Nadaanan din ng mag-ina ang kapitbahay nilang si Mang Caloy na panadero sa kanto.



“Magandang umaga po, Mang Caloy,” muling bati ni Hanna. “Uy, ang aga ninyo ah,” sabi nito. Iniabot ni Mang Caloy ang supot ng tinapay kay Hanna. “Baunin mo ito, bagong lutong pandesal.” “Salamat po!” nakangiting tugon ni Hanna.

Nadaanan ng mag-ina ang dalawang pulubi na nakaupo sa bangketa. Tiningnan ni Hanna ang ina na kaagad ay tumango na para bang alam na ang gagawin ng anak. Lumapit si Hanna sa dalawa at iniabot ang pabaong tinapay ni Mang Caloy.

Masayang nagpatuloy sa paglalakad ang mag-ina at maya-maya lang ay natanaw nila si Joy na papalabas ng kanilang bakuran. “Magandang umaga, Joy!” bati nito sabay kaway sa kaklase. “Halika sabay na tayong pumasok,” yaya nito kay Joy. Ilang sandali pa ay narating na nila ang paaralan. Kinawayan ng mga bata ang guwardiya na nadatnan sa bukana ng paaralan. Nagpaalam na si Aling Cora sa mga bata. Pagpasok sa silid-aralan ay nadatnan ng mga bata ang kanilang guro na kausap ang bisita nito. “Magandang umaga po,” sabay na bati ng dalawa. “Ganon din sa inyo mga bata,” nakangiting tugon ng guro at bisita. Agad tinungo nina Hanna at Joy ang sariling upuan at tahimik na umupo.

**Panuto:** Sagutin ang sumusunod na tanong. Piliin sa loob ng panaklong ang sagot/mga sagot at isulat sa iyong sagutang papel.

1. Tungkol saan ang iyong kuwentong nabasa?
   (kalinisan ng kapaligiran, kasipagan sa pag-aaral, mabuting pakikitungo sa kapwa)

2. Paano tinulungan ni Hanna ang dalawang pulubi?
   (binigyan ng tinapay, kinawayan, isinabay pagpasok sa paaralan)

3. Ano ang mabuting katangiang ipinamalas ni Hanna?
   (magalang, mapagpalakaibigan, masipag, masunurin)

4. Paano ipinakita ni Hanna ang kanyang mabuting katangian?
   (pagbati sa nakasalubong, paggalang sa kaklase, pagsunod sa utos, pagpasok sa paaralan)

5. Ano kaya ang naramdaman ni Aling Cora sa ipinamalas na pag-uugali ni Hanna?
   (nalungkot, nagalit, natuwa, nagulat)

6. Masasabi mo ba na mayroon ka ring mabuting katangian na katulad ng kay Hanna?
   (Opo, Hindi po, Minsan po)

# Suriin

Likas sa ating mga Pilipino ang pagiging magiliw at mapagpalakaibigan. Kasiya-siya na makita sa isang batang tulad mo ang pagmamahal, pagtitiwala at mabuting pakikitungo sa mga kamag-anak, kamag-aral, kapitbahay, bisita, bagong kakilala man o hindi. Ang batang palakaibigan ay kinagigiliwan ng lahat. Masaya at magaan sa pakiramdam ang makapagbahagi ng kabutihan at kasiyahan sa iba. Pakitunguhan ang kapuwa nang tapat at wasto sa lahat ng panahon at pagkakataon.

Tingnan ang mga sumusunod na larawan. Nakikita mo ba ang ginagawa ng bata sa bawat sitwasyon?




1. ______________________



2. ______________________




3. ____________________



4. ____________________



5. ____________________



6. ____________________

**Panuto**: Sa mga larawan na iyong nakikita, tukuyin ang mabubuting gawi na ipinamamalas ng bawat bata. Pagkatapos ay iguhit ang angkop na hugis na makikita sa loob ng kahon, sa bawat mabubuting gawi. Gawin ito sa sagutang papel.

| | |
|---|---|
| ☆ | - namimigay ng pagkain |
| ○ | - kinukwentuhan ang mga kaibigan |
| △ | - niyayakap ang kamag-anak |
| ♡ | - tumutulong sa pag-aalaga ng halaman |
| ☾ | - itinatayo ang natumbang kalaro |
| ◇ | - pinauuna ang kaklase sa pagpasok sa silid |

Ang mga larawan na nasa itaas ay ilan lamang sa mga gawaing nagpapakita ng pagkamagiliw at pagkapalakaibigan. Marami pang mga kilos ang maaari mong isagawa tulad ng sumusunod:


- gumagamit ng magagalang na pananalita sa pakikipag-usap sa nakatatanda
- magiliw na kinakausap ang mga bisita sa tahanan
- sumasagot nang maayos kung kinakausap ng kapuwa bata lalo na ng nakatatanda
- pinakikitunguhan nang maayos ang lahat
- inuunawa ang damdamin at sitwasyon ng iba
- tumutulong sa mga nangangailangan

Ginagawa mo na rin ba ng mga ito? Sa gabay ng iyong magulang, magbigay ka pa ng mga gawaing tulad nito na nagpapakita ng pagkamagiliw at pagkapalakaibigan.

# *Pagyamanin*


**Panuto:** Iguhit ang masayang mukha ☺ kung ang gawain ay nagpapakita ng pagiging magiliw at mapagpalakaibigan at malungkot na mukha ☹ kung hindi. Iguhit ang sagot sa sagutang papel.

1.




pinauupo ang nakatatanda

2.



inaaway ang kalaro

3.




tumutulong sa pagsasampay ng damit

4.



pinagbubuksan ng pinto ang bisita

5.



pinag-uusapan ang kamag-aral

## *Isaisip*

**Panuto:** Piliin ang angkop na gawain sa bawat sitwasyon. Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Dumating ang kamag-anak ninyo mula sa probinsiya. Ano ang dapat mong gawin?
   A. Dalhin sa isang mamahaling ***hotel*** upang sila ay masiyahan.
   B. Patuluyin sa inyong tahanan at tiyaking maginhawa at masaya ang kanilang panunuluyan.
   C. Pabalikin agad sa probinsiya matapos ipasyal sa magagandang lugar sa inyong pamayanan.
   D. Ihatid sa ibang kamag-anak upang doon sila tumuloy.

2. May bagong pasok na mag-aaral sa inyong klase. Napansin mo sa oras ng recess na mag-isa siyang kumakain sa isang sulok ng inyong silid-aralan. Ano ang pinakamainam mong gawin?
   A. Lalapitan siya at kakausapin.
   B. Hindi siya papansinin.
   C. Isusumbong siya sa guro.
   D. Pagsasabihan siya na hindi maganda ang ganoong pag-uugali.

3. Nasalubong mo ang kaibigang minsan mo nang nakatampuhan. Ano ang gagawin mo?
   A. Hahanap ng ibang madadaanan upang hindi mo siya makita.
   B. Ipagpapatuloy ang paglalakad ngunit hindi siya papansinin.
   C. Tititigan siya nang may pagbabanta.
   D. Ngingitian ang kaibigan at kukumustahin.

4. Namasyal ang kumare ng nanay mo. Paano mo ipakikita ang pagiging palakaibigan?
   A. Paghihintayin sa labas ng bahay habang tinatawag ang iyong nanay.
   B. Magkukunwaring hindi naririnig ang tawag niya.
   C. Patutuluyin sa loob ng bahay at aalukin ng maiinom.
   D. Sasabihan siya na bumalik na lamang kapag natapos na ni nanay ang mga gawaing-bahay.

5. Pinagbuksan ka ng gate ng guwardiya ng inyong paaralan. Ano ang pinakamainam mong gawin?
   A. Magpasalamat sa guwardiya at agad na pumasok sa paaralan.
   B. Tumakbo agad papasok ng eskuwelahan nang hindi lumilingon sa guwardiya.
   C. Huwag pansinin ang guwardiya at lumakad nang marahan patungo sa silid-aralan.
   D. Hindi na tutuloy dahil huli ka na sa klase.

## *Isagawa*

**Panuto:** Suriin ang bawat larawan. Piliin ang nararapat na gawaing angkop sa bawat sitwasyon. Gumuhit ng tatlong kahon sa bawat bilang ng iyong sagutang papel tulad ng makikita sa ibaba. Gamit ang lapis kulayan ang ☐ kahon ng iyong tugon.

1.




Nakita mo ang pinsan mo na umiiyak

☐ hayaan siya sa pag-iyak

☐ patahanin at kausapin

☐ isusumbong sa nanay

2.




Nagtanghal ang mga Aeta sa inyong paaralan

☐ panoorin nang maayos

☐ hindi papansinin ang pagtatanghal

☐ mag-iingay

3.



May nagtanong sa iyo ng direksiyon

☐ pagtataguan

☐ ituturo ang tamang lugar

☐ hindi kakausapin

4.




Hindi maunawaan ng iyong kaklase ang inyong aralin

☐ hayaan siyang mag-isa

☐ papayuhan siyang mag-aral mabuti

☐ tutulungan siya sa aralin

5.




May bagong lipat kayong kapitbahay

☐ makikipagkilala

☐ iiwasan dahil hindi mo siya kilala

☐ hindi papansinin

# *Tayahin*

**Panuto:** Iguhit ang bulaklak  kung ang gawain ay nagpapakita ng pagiging magiliw at palakaibigan at tatsulok △ kung hindi. Gawin ito sa sagutang papel.

_____1. Pinahihiram ng kuwaderno ang kaklase na nagkasakit at hindi nakapasok upang makakopya ng mga aralin.

_____2. Magalang na nagtatanong sa tindera ng kantina tungkol sa presyo ng pagkaing bibilhin.


_____3. Umiiyak at nagagalit sa magulang kung hindi naibibili ng bagong gamit at laruan.

_____4. Binibigyan nang wastong impormasyon ang isang taong hindi kakilala na nagtatanong ng direksiyon.

_____5. Itinataboy ang mga katutubo na naglalako ng mga palamuti at laruan.

## Karagdagang Gawain

**Panuto:** Sa patnubay ng magulang gumuhit sa iyong sagutang papel ng larawan na tulad ng nasa ibaba. Isulat sa loob ng bawat puso ang mga pangalan ng taong pinakitaan mo ng pagiging magiliw at mapagpalakaibigan. Sa ibaba ng kanilang pangalan ay isulat ang bilang ng angkop na gawain na dapat ipakita sa kanila. Piliin sa loob ng kahon ang tamang gawain.




| |
|---|
| 1 – sinusunod ang mga bilin at utos |
| 2 – inaalalayan sa paglalakad o iba pang gawain |
| 3 – binabati kung nakakasalubong |
| 4 – magiliw na kinakausap |
| 5 – nakikiisa sa mga gawain |
| 6 – nakikipaglaro nang maayos |
| 7 – inuunawa ang damdamin at kalagayan |
| 8 – nagbibigay ng tulong |
| 9 – namamahagi ng pagkain, materyales |
| 10 - nagtitiwala at nagsasabi nang tapat |

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin:**

1. ×
2. ✓
3. ✓
4. ✓
5. ×

**Balikan:**

1. Mali
2. Tama
3. Mali
4. Tama
5. Mali

**Tuklasin:**

1. mabuting pakikitungo sa kapwa
2. binigyan ng tinapay
3. mapagpalaka-ibigan
4. pagbati sa nakasalubong
5. natuwa
6. ang mungkahing dapat na sagot ay "Opo" subalit maaaring iba-iba ang sagot ng mag-aaral (na kinakailangang iproseso ng guro sa kanilang talakayan)

**Suriin**

1. △
2. ☾
3. ♡
4. ☆
5. ○
6. ◇

**Pagyamanin**

1. ☺
2. ☹
3. ☺
4. ☺
5. ☹

**Isaisip:**

1. B
2. A
3. D
4. C
5. A

**Isagawa**

1. ■ patahanin at kausapin
2. ■ panoorin nang maayos
3. ■ ituturo ang tamang lugar
4. ■ tutulungan siya sa aralin
5. ■ makikipagkilala

**Tayahin**

1. ❀
2. ❀
3. △
4. ❀
5. △

**Karagdagang Gawain:**

1.Sariling sagot

# *Sanggunian*


DepEd Resources et al., "Grade 2 Teachers Guide | K To 12 Curriculum", Deped Resources, 2020, https://www.depedresources.com/grade-2-teachers-guide-k-to-12-curriculum/.

Guia-Biglete, Victoria, Maria Carla Mabulay- Caraan, Rolan Baldonado Catapang, and Isabel Monterozo-Gonzales. "Grade 2 LM". K12 resources, 2020. https://k12resources.wordpress.com/k12-learning-materials/grade-2-lm/

Guia-Biglete, Victoria, Maria Carla Mabulay-Caraan, Rolan Baldonado Catapang, and Isabel Monterozo-Gonzales. K12resources. Files. Wordpress. Com. Accessed 14 July 2020. https://k12resources.files.wordpress.com/2013/11/gr-2-esp-tg.pdf

Materials, Teaching, Reading Articles, and Be Contributor. "Most Essential Learning Competencies (MELC) KG To Grade 12 SY 2020-2021". Deped Click, 2020. https://www.deped-click.com/2020/05/most-essential-learning-competencies.html.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph